1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

MATATAG
BAGONG PILIPINAS
ONE NCR STRONGER TOGETHER

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | |
| **Tagasuri:** | Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR |
| **Tagaguhit:** | |
| **Tagalapat:** | ALDRIN B. MARCELO |

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | I |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A.Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B.Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C.Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang katangiang pisikal | | | |
| *D.Mga Layunin* | 1.1. Naipakikita ang sariling katangiang pisikal sa pamamagitan ng pagguhit gamit ang iba't ibang linya, hugis, at kulay. | Nailalarawan ang mga pisikal na katangian ng mga batang Pilipino.<br><br>Naisasagawa ang tamang pulso ng musika (Steady Beat) | Naipagmamalaki ang sariling pisikal na katangian. | Nailalahad ang pagpapahalaga sa iba't ibang katangiang pisikal ng bawat bata. |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | **ANG BAWAT TAO AY NATATANGI**<br>**Unang Araw: (Arts) ELEMENTO NG BISWAL NA SINING: LINYA, HUGIS AT KULAY**<br>**Ikalawang Araw: ELEMENTO NG MUSIKA (STEADY BEAT) PULSO NG MUSIKA**<br>**Ikatlong Araw: TIMBRE (TONE COLOR) AT DYNAMICS (LAKAS AT KULAY)** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan -Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral pahina 2-11 | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Laptop, larawan | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | ANO NARIRINIG MO?<br>Ang mga mag-aaral ay makakarining ng ibat ibang tunog na nagmumula sa ibat ibang bagay, tao, hayop at kapalgiran( Ituro ang konsepto ng Timbre o Quality of Sounds)<br><br>Huhulaan ng mga bata kung anong bagay kapaligiran, hayop, at ang kanilang maririnig.<br>(hindi muna ipapasok dito ang Dynamics)<br><br>Sabihin sa mga bata: Tulad ng mga narinig na tunog na may mga katangian na nakatulong sa pagkilala ng mga bagay, hayop o kapaligiran ang mga ito rin ay may mga pisikal na katangian na makatutulong sa atin upang ito ay makilala.<br><br>Magbigay pa ng mga halimbawa:<br>Makulay na ibon, pulang sasakyan, itim na aso at iugnay ito sa paksang aralin.<br><br>Ano ang masasabi mo sa bawat larawan? Isa-isahin ito. | Balik-aral:<br><br>Laro Maglaro tayo! Kumuha ng isang bola. Sa tugtog ng<br><br>AKO AY MALIIT NA PITSEL" (I Am A Little Tea Pot), sa awiting ito mailalarawan ang mga bahagi ng katawan gaya ng Tenga, Bibig.<br><br>Binabanggit din sa awitin ang katangian ng pagiging maliit)<br><br>Sa Awitin ito maituturo ang konsepto ng musika na Ritmo. Sa pagpasa ng bola ay naisasagawa ang (steady beat) kung saan sa bawat Pulso o Beat ay naipapasa ng bata ang Bola sa katabing bata. | Pahulaan:<br><br>Makinig nang mabuti sa sasabihin ng guro.<br><br>Hulaan kung sino ang tinutukoy nito:<br><br>a. Siya ang pinakama-tangkad sa klase.<br>b. Matangos ang kanyang ilong.<br>c. Singkit ang kanyang mga mata.<br><br>Pansinin ang mga kamag-aral kung sino ang tinutukoy ng guro.<br><br>Naging madali ba sa inyo ang paghula sa mga<br>tinukoy kong kamag-aral? Bakit? | 1. Balik-aral<br>Buoin ang puzzle.<br><br>Source: www.canva.com<br><br>● Ano ang inyong nabuo?<br>● Paano mo maipagmamalaki ang iyong pagiging Pilipino? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | For illustration (stick man)<br>1. Batang lalaki kulot ang buhok at katamtaman ang taas.<br><br>2. Batang babae na unat ang buhok, mataba at singkit ang mata.<br><br>3. Batang lalaki na payat at matangkad.<br><br>4. Batang babae na matangkad, katamtaman ang katawan at matangos ang ilong. | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Naipakikita ang sariling katangiang pisikal sa pamamagitan ng pagguhit gamit ang iba't ibang linya hugis, at kulay.<br><br>Ipaliwanag sa konsepto ng Linya o guhit ay maaaring diretso, kurbada, putol-putol, manipis na linya o makapal na linya | Sa araw na ito ay inaasahang mailalarawan ninyo ang mga katangiang pisikal ng isang batang Pilipino. | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Naipagmamalaki ang sariling pisikal na katangian. | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin.<br><br>Ang pagpapahalaga sa iba't ibang katangiang pisikal ng bawat bata. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | 1. Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng mga sumusunod na salita at inaasahan ang mag aaral na makabuo ng pangungusap. | Pagtalakay ng bagong konsepto Katangiang Pisikal ng mga Pilipino<br><br>1. Buhok<br>• Unat<br>• Kulot | Ipakikilala ng guro ang mga salitang nakasulat sa pisara at gagamitin ito sa pangungusap.<br><br>• mahiyain<br>• malungkot<br>• ipagmalaki | Ipakikilala ng guro ang mga salitang nakasulat sa pisara at gagamitin ito sa pangungusap. Maaaring magpakita ang guro ng mga larawan nito. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Katangiang Pisikal<br>• hugis<br>• kulay<br>• sukat<br>• nasyonalidad | • Itim ang kulay<br><br>2. Ilong<br>• Mababa<br>• Di-gaanong Matangos<br>• Katamtaman ang laki at tangos<br><br>3. Labi<br>• Makapal<br>• Di gaanong makapal<br>• Katamtaman ang kapal | Mahiyain na bata si Carlo.<br><br>Malungkot siya at laging nag-iisa.<br><br>Nahihiya siyang ipagmalaki ang kanyang katangiang pisikal. | • pagpapahalaga<br>• kulot<br>• pandak kayumanggi |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Pagbasa ng mga sumusunod na pangungusap.<br><br>Ang bawat bata ay nagtataglay ng iba't ibang katangiang pisikal. Ito ay tumutukoy sa panlabas na kaanyuan ng isang tao na maaaring makita at mahawakan.<br><br>Magkakaiba ang hugis ng mukha, kulay ng mata, anyo at kulay ng buhok, kulay ng balat, sukat at laki ng katawan ng bawat isa.<br><br>Ang mga Pilipino ay kulay kayumanggi ang balat. | Gagamitin ng guro sa pangungusap ang mga salitang nabanggit upang mailarawan ang katangiang pisikal ng isang Pilipino. | Babasahin ng guro ang kuwento.<br><br>Si Carlo ay aking kapitbahay. Siya ay malungkot at laging nag-iisa. Ayaw niyang makipagkaibigan sa iba dahil naiiba ang kaniyang katangian sa mga batang kasing edad niya. Siya ay payat at hindi gaanong mataas. Kulay tsokolate ang kaniyang balat at medyo kulot ang kaniyang buhok.<br><br>Isang Sabado, kami ay lumapit sa kaniya para makipaglaro. Sa una ay nahiya siyang makipag usap. Pero sa huli, masaya niya kaming tinuruan na maglaro ng | Babasahin ng guro ang kuwentong "Kakaiba si Kara ni Rochelle B. DeVera".<br><br>https://bloomlibrary.org/player/0co2k45CIt<br><br>• Ano ang tawag sa tribu ni Kara?<br>• Ano ang katangiang pisikal ni Kara?<br><br>Paano mo maipakikita ang paggalang at pagpapahalaga sa mga taong kabilang sa katutubong tribu o ibang lahi? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Gamit ang slides na inihanda ng guro na nagpapakita ng iba't ibang anyo ng karaniwang Pilipino, ipasuri sa mga bata ang kanilang obserbasyon sa ipipakita ng bawat larawan sa mga slides. | | sipa. Gamit ang pinisang piraso ng bakal na may buntot na mga hibla ng plastic, inihagis niya sa hangin ang sipa na sinasalo ng kaniyang paa  o kaya ng kanyang tuhod,  siko o braso.<br><br>Napakasaya ni Carlo ng araw na iyon. Sinabi niya sa amin na kahit hindi sya kasing tangkad at kasing puti namin, may angking galing din sya na pwedeng maibahagi sa amin. Dagdag pa niya, magkaiba man ang hitsura namin, ito ay hindi hadlang para magkaroon ng maraming kaibigan.<br><br>1. Bakit kaya mahiyain at  malungkot si Carlo?<br><br>2. Paano nawala ang pagiging  mahiyain ni Carlo? | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ipakikita muli ng guro ang larawan ng bata at itatanong ang mga sumusunod:<br><br>Magkakatulad ba ang mga nasa larawan? Ano-anong hugis ang ginamit sa bawat larawan?<br><br>Iguhit at ipakita ito sa klase.<br>• bilog –ulo mukha, mata<br>• tuwid o alon-alon | Ang guro ay may inihandang  salamin para sa  gawaing repleksyon ng mga mag-aaral.<br><br>Panuto: Tumayo at humarap sa salamin.  Tingnan nang mabuti ang inyong repleksyon.<br><br>1. Ano ang nakita mo sa salamin? | Dapat bang ikahiya ni Carlo ang kaniyang pisikal na kaanyuan? Bakit?<br><br>Bakit dapat niya itong ipagmalaki? | Ano kaya ang maaaring gawin ni Kara para maipakita ang pagpapahalaga sa kaniyang katangiang pisikal? |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (wavy) buhok<br>• parihaba- kamay, binti, leeg<br>• tatsulok- ilong<br>• parisukat - katawan<br><br>Pagsasagawa ng gawain.<br><br>Itatanong ng guro ang mga sumusunod:<br><br>Kaya n'yo rin bang iguhit ang inyong mga sarili sa papel gamit ang linya at hugis? Kaya n'yo bang kulayan ang inyong iginuhit?<br><br>Bibigyan ng 10 minuto para gumuhit ang mga bata ng kanilang sarili gamit ang iba't ibang linya at hugis. | 2. Ano ang iyong napapansin sa mga sumusunod:<br>• mata<br>• ilong<br>• buhok<br>• bibig<br>• kulay ng balat<br><br>Sasabihin ng guro sa mga bata na magkakaiba ang ating katangiang pisikal dahil iba iba ang ating pinagmulan. | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:<br><br>1. Ano ang masasabi mo sa iyong iginuhit?<br><br>2. Ano ang naramdaman mo pagkatapos mong iguhit ang iyong sarili? | Magbibigay ng mga sitwasyon ang guro.<br><br>Si Amy ay kulay kayumanggi ang balat, Katamtaman ang taas at kulot ang buhok. Iba ang katangian niya sa kaniyang kalaro. Masaya si Amy at ipinagmamalaki niya na siya ay isang Pilipino. Dapat bang tularan si Amy?  Bakit?<br><br>Ipaliliwanag ng guro.<br><br>Huwag nating ikahiya anomang katangian ang mayroon tayo. Wala tayong | Tulad ni Carlo, tayong mga Pilipino ay kayumanggi ang kulay. Naiiba tayo sa ibang lahi ngunit ipinagmamalaki natin ang ating pinagmulan. Hindi tayo dapat mainggit sa katangian ng iba dahil nilikha tayo na walang katulad. | ● Nagkakaiba ang katangiang pisikal ng batang Pilipino dahil sa pinagmulang lahi.<br>● May maitim ang balat, may maputi, at may kayumanggi.<br><br>● May pango ang ilong, may matangos, at di-gaanong matangos.<br><br>● May manipis at may makapal ang labi.<br><br>● May matangkad, may pandak,at may katamtaman ang taas. |




DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · Department of Education NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | katulad at dapat ipagmalaki ang ating indibiwalidad. | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Paano mo ilalarawan ang iyong sarili gamit ang iginuhit na larawan? | Ipaliliwanag ng guro.<br><br>Tandaan na magkakaiba man ang ating katangiang pisikal, ang bawat isa sa atin ay natatangi. | Bilang batang Pilipino, paano mo ipagmamalaki ang iyong katangiang pisikal?<br><br>Ipaliliwanag ng guro na magkakaiba ang katangiang pisikal ng mga Pilipino.<br><br>Pahalagahan at ipagmalaki ang iyong mga katangiang pisikal | Sasabihin ng guro:<br><br>Magkakaiba man ang ating mga katangiang pisikal, Pilipino pa rin tayong lahat. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Masdan ang mga larawan.<br><br>Paano mo mailalarawan ang iyong pisikal na anyo? Piliin ang angkop na larawan at bilugan ito. Isagawa ito gamit ang inihandang slides sa ppt upang masmadaling maunawaan ng mga bata ang larawang tinutukoy.<br> | Panuto: Iguhit ang masayang mukha kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tama at malungkot na mukha ☹ kung mali.<br><br>1. Lahat ng mga Pilipino ay matatangkad.<br><br>2. Iba-iba ang kulay ng balat ng batang Pilipino.<br><br>3. May mga Pilipinong kulot ang buhok.<br><br>4. Matatangos ang ilong ng mga Pilipino.<br><br>5. Kulay kayumanggi ang balat ng mga Pilipino. | Panuto: Lagyan ng<br><br>√ ang kung ito ay tama at X kung mali. (Ilagay ng guro ang mga tanong sa slides at bigyang pagkakataon ang mga bata na sila mismo ang mag-click ng kanilang sagot sa laptop/ desktop ng guro).<br><br>■. Masaya si Carla kahit iba-iba ang kulay ng balat nilang magkakaibigan.<br><br>■. Malungkot si Harold dahil hindi matangos ang ilong niya katulad ng | Panuto: Bilugan ang thumbs up kung ikaw ay sang-ayon sa ipinapahayag ng pangungusap at thumbs down kung hindi.<br><br> 1. Kumakain ng gulay si Sarah para mas lalong gumanda ang kaniyang balat.<br><br> 2. Hindi tumitigil si Lito sa pagtatanong sa kaniyang nanay kung bakit maitim ang kaniyang balat. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | kaniyang mga pinsan.<br><br>3. Mahal na mahal ni Liza ang kaniyang kapatid na si Lito kahit magkaiba sila ng katangian.<br><br>4. Nahihiyang makipaglaro si Marian dahil siya lang ang may kulot na buhok sa mga magkakaibigan.<br><br>5. Nilakasan ni Tino ang kaniyang loob sa paligsahan kahit siya ang pinakamaliit sa klase. |  3. Masayang sinusuklay at nilulugay ni Karen ang kaniyang kulot na buhok.<br><br> 4. Sumali si Tomas sa dance contest kahit na siya ay pandak.<br><br> 5. Nangangarap si Lali na ipaayos sa doktor ang kaniyang pangong ilong paglaki niya. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa*<br>*Remediation (kung nararapat)* | Idikit ang mga larawan na ginuhit sa bulletin/display board.<br><br>Isulat ang buong pangalan sa ibaba ng larawan | | Mungkahing Gawain:<br><br>*Bilang panuto sa mga bata ay sundin ang sumusunod na paliwanag:<br><br>Sa paghawak ng instrumento ay kinakailangan ng PAG-IINGAT.<br><br>Huwag muna itong patutunugin hanggat hindi pa sinasabi ng GURO ang salitang "TUGTOG".<br><br>Sabihin sa mga bata na "Patunugin ninyo ito ng | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Mahina. (Sabihin ang salitang HINTO upang tumigil) at sa susunod naman ay patunugin ito ng Malakas."<br><br>Basahin ang kwento ng dalawang beses.<br><br>Sa mga salitang naglalarawan ng katangian, sabihin sa mga bata na patunugin ng mahina ang tunog gamit ang mga ibinigay na instrumento gaya ng (SIMPLE PERCUSSION INSTRUMENTS) Instrumentong tumutunog sa pamamagitan ng pagpalo, pag-uga, pagtapik o pagpukpok. Halimbawa nito ay tambourine, maracas, shakers, lyre. Sa pamamagitan nito ay maaaring MAITUTURO NA SA BATA ANG KONSEPTO NG MUSIKA NA<br><br>Timbre (Quality of Sound) Percussion instruments) _dynamics (MAHINA o MALAKAS) | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph